
6

# Filipino

## Unang Markahan – Modyul 5: Pagbibigay-Kahulugan sa mga Sawikain




ALTERNATIVE DELIVERY MODE

ADM

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

## Alamin



Magandang araw kaibigan! Muli, ako ang iyong kaibigang si Kokoy, ang makakasama mo sa modyul na ito. Nakararami na tayo ng mga napag-aralan ngunit mainam na madagdagan pa ito upang mas malinang ang iyong kakayahan. Maging matiyaga ka lang sa pag-aaral. Halika na't mag-aral na tayong muli.

May narinig ka na bang nag-uusap na gumagamit ng mga salitang malalim unawain? Ang tawag sa mga salitang ito ay matatalinghagang salita.

Ang Modyul 5 ay tatalakay sa pagbibigay-kahulugan sa mga sawikain. Pagkatapos ng iyong pag-aaral, ikaw ay inaasahang:

- nakikilala ang mga sawikain sa mga pahayag; at
- nabibigyang kahulugan ang sawikain. **(F6PN-lj-28)**

## Subukin



Kumusta kaibigan? Bago natin lakbayin ang modyul na ito ay magkakaroon muna tayo ng paunang pagtataya. Sikapin mong sagutin ang mga katanungan upang mataya kung ano ang mga dapat mo pang malaman sa mga susunod na pag-aaral.

Piliin mula sa kahon ang angkop na mga sawikain upang mabuo ang kaisipan ng talata. Isulat ang tamang sagot sa iyong sagutang papel.

| | |
|---|---|
| balat-sibuyas | daga sa dibdib |
| mahapdi ang bituka | isang kisapmata |
| ilaw ng tahanan | bukas-palad |
| mababaw ang luha | itinaga sa bato |
| ginintuang puso | bukal sa loob |

Si Aling Marta ay itinuturing na (1) ______________ ng mga naulila ni Aling Sion. Kapag nakaririnig ito nang hindi maganda ay madali itong masaktan sapagkat masyado itong (2) __________ at (3) ___________. Ngunit sadyang (4) _________ si Aling Marta kaya hindi ito nag-atubiling tanggapin ang mga naulilang anak ni Aling Sion. Talagang (5) ___________ ang pagtulong nito lalo na sa mga walang makain at mga (6) _____________ at may (7) _________ dahil nag-iisa na sa buhay.

Matandang dalaga man si Aling Marta ngunit may (8) _____________ ito. Marami rin siyang karanasan sa buhay kaya (9) ____________ ang pagtulong. Kapag may humihingi ng saklolo, tiyak na sa (10) ___________ ay darating si Aling Marta.



Mahusay kaibigan! Nagawa mo ang paunang pagtataya. Kung mababa man ang iyong iskor, huwag mabahala sapagkat paunang pagtataya lamang ito. Ipagpatuloy mo lamang na aralin, unawain at sagutin ang mga gawain.

# Aralin 1 Pagbibigay-Kahulugan sa mga Sawikain



Magandang araw kaibigan. Handa ka na sa panibagong aralin? Ngunit bago iyan ay sagutan mo muna ang gawain na nasa ibaba.



## *Balikan*

Basahin at unawain mo ang sumusunod na mga pangungusap. Kilalanin ang ginamit na mga matalinghagang salita at isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

1. Kahit butas ang bulsa ng taong maawain ay patuloy pa rin siyang nagbibigay ng pagkain sa batang kalye.
2. Bukas na aklat sa aming lugar ang buhay ng aming pamilya.
3. Nang dumating ang Santo Papa sa Pilipinas ay di-mahulugang karayom ang mga daan dahil sa mga mananampalatayang nag-aabang sa kaniya.
4. Matanda na si Lolo subalit nagtatarabaho pa siya. Makapal talaga ang mga palad niya.
5. Kahit mahina ang loob ni Christian, pinilit niyang sumali sa paligsahan.



**Mga Tala para sa Guro**

Ito ay panimulang pagtatasa lamang. Maaaring itala ang iskor para mabigyang - tuon ang kahinaan ng mag-aaral.

## *Tuklasin*



Alam mo ba na kapag gumagamit tayo ng mga sawikain sa pagpapahayag ay mas napagaganda ang ating pahayag at nabubuhay ang wikang Pilipino.

Tuklasin mo sa pabulang "At Nalunod ang mga Salot" ang mga sawikain na ginamit. Tara, umpisahan mo nang basahin.


### At Nalunod ang mga Salot


Ni Jong del Fierro

Pinuno ng mga dagang bukid si Dagambu. Mula nang mamatay ang kaniyang ama, pikit-matang tinanggap niya ang pamumuno sa mga dagang bukid. Nililibot nila ang di-maliparang uwak na mga bukirin at gubat. Ang mga taniman ay sinisira nila.

Si Metromaws naman ang kinikilalang pinuno ng mga dagang lungsod. Sanay sila sa pasikut-sikot. Laman sila ng mga imbakan at bodega. Teritoryo nila ang mga pagawaan, supermarket, at restoran. Nakatira sila sa mga malalaking imburnal na nakabaon sa ilalim ng mga kalsada, mga pagawaan, at mga butas sa loob ng bahay. Si Metromaws ay pinunong taga sa panahon kahit di pa siya matanda.

Isang araw, nagkatagpo ang pangkat nina Dagambu at Metromaws sa malaking imburnal sa lungsod.






Ayaw pumayag ni Metromaws na tirahan ng mga dagang bukid ang malalaking imburnal na nakabaon sa mga kalsadang lungsod. Parang langis at tubig ang kanilang paninindigan.

Nagkainitan ang dalawang pangkat. Parang nagdelubyo sa malalaking imburnal sa sagupaan ng mga dagang lungsod at mga dagang bukid.

Hindi nila namalayan na malakas ang buhos ng ulan sa lungsod. Sinlakas ng hampas ng malaking alon ang agos ng tubig ulan patungong mga imburnal. Parang hagupit ng tadhana ang pangyayari. Tinangay ng agos sina Dagambu at Metromaws. Huli na ang lahat. Wala silang pagkakataong makatakbo sa matataas na bahagi ng malalaking imburnal. Nalunod ang di-mabilang na mga dagang lungsod at dagang bukid. Pagkaraan ng malakas na ulan, para silang mga **waterlily** na nakalutang sa lagusan ng tubig patungong dagat. Mga salot na wala nang buhay.

https://lrmds.deped.gov.ph/detail/6769



Naibigan mo ba ang kuwento? Naunawaan mo ba ito? Bago natin sagutin ang mga tanong kaugnay ng binasang akda, pansinin ang ilang salitang ginamit sa teksto at ang kasingkahulugan ng mga salitang ito.

- Parang nagkaroon ng delubyo sa malaking imburnal dahil sa sagupaan ng mga dagang lungsod at mga dagang bukid.

  Ang kasingkahulugan ng delubyo ay sakuna.

- Imbakan ng mga basura ang tirahan ng mga dagang bukid at mga dagang lungsod.

  Ang kasingkahulugan ng imbakan ay lalagyan o maaari ring ipunan.

- Ang sagupaan ng mga dagang bukid at mga dagang lungsod ay nagdulot ng kaguluhan sa malalaking imburnal.

  Ang kasingkahulugan ng sagupaan ay labanan.



Kaibigan tandaan mo ang mga salitang nasa itaas at ang kanilang mga kahulugan upang madagdagan ang mga salitang nalalaman mo. Ngayon ay handa ka na ba para sagutin ang mga tanong? Halina't sagutin mo na ang mga katanungang kaugnay sa binasa mong pabula.

Sagutin ang sumusunod na tanong sa sagutang papel.

1. Sino si Dagambu?
2. Paano siya naging pinuno ng mga dagang bukid?
3. Bakit nag-aaway ang mga dagang bukid at mga dagang lungsod?
4. Ano ang ginagawa ng mga dagang bukid sa taniman. Tama ba ito? Bakit hindi?
5. Kung ikaw si Metromaws, gagawin mo rin ba ang kaniyang ginawa? Pangatuwiran mo ang iyong sagot.

# *Suriin*



Narito ang mga matalinghagang salita na ginamit sa pabula, unawain at isaisip mo ang mga ito.

1. Mula ng mamatay ang kaniyang ama, <u>pikit-matang</u> nailipat sa kaniya ang pamumuno sa mga dagang bukid.
2. Huwag kayong <u>mag-ober da bakod</u> sa aming teritoryo.
3. “Hmmmp, <u>sukal sa ilong</u> itong tinitirhan ninyong amoy-estero” pabulong na wika ni Metromaws.
4. <u>Kapit sa patalim</u> ang mga dagang bukid dahil sa panggigipit ng mga dagang lungsod.
5. “<u>Bato ang puso</u> mo Metromaws.” pahayag ng isa sa mga dagang bukid.
6. “Para kayong mga <u>basang sisiw</u> na walang mapuntahan.” ang sabi ni Metromaws.
7. Magdaraan muna kayo <u>sa ibabaw ng aming bangkay.</u>
8. <u>Nag-aapoy ang kanilang mga damdamin</u> dahil sa pang-aapi ni Metromaws.



Ano ang tawag sa mga salitang may salungguhit? Tama ka. Ang mga salitang may salungguhit ay mga **sawikain**. Ito ay mga matatalinghagang salita na ginagamit sa pang-araw-araw na buhay. Malalaman mo ang kahulugan ng sawikain ayon sa gamit nito sa pangungusap.

Sa iyong binasang akda may mga salitang masasabing di-tuwiran ang kahulugan, malalim kaya’t mahirap unawain. **Sawikain** ang tawag sa mga salitang ito na tinatawag ding **idyoma.**

Narito ang mga sawikaing ginamit sa pangungusap at ang kanilang kahulugan.

1. pikit mata – sapilitan
2. mag-ober da bakod – lumipat
3. sukal sa ilong – mabaho
4. kapit sa patalim – gagawin ang lahat para mabuhay
5. bato ang puso – walang awa
6. basang sisiw – kawawa
7. sa ibabaw ng aming bangkay – magkamatayan muna
8. nag-aapoy ang mga damdamin –galit na galit

## *Pagyamanin*



Batid kong marami kang nalaman tungkol sa ating aralin. Upang mailapat ang napag-aralan mo, isagawa mo na ang kasunod na gawain.

**Pagsasanay 1**

A. Tukuyin ang sawikain sa loob ng pangungusap. Isulat sa sagutang papel.

1. Ang napangasawa ng aking pinsan ay alog na ang baba sa kaniya.
2. Iniiwasan kong makasama ang mga balat-sibuyas na kaibigan.
3. Magkabungguang balikat sina Pedro at Jose mula noong bata pa sila.
4. Bagamat anak pawis si Lyka, siya’y nagsusumikap sa kaniyang pag-aaral.
5. Ang nanay ay parang sirang-plaka sa aming magkakapatid, upang kami ay maturuan.

**Pagsasanay 2**

B. Basahin ang maikling akda at tukuyin ang mga sawikaing ginamit at bigyan ng kahulugan. Isulat sa sagutang papel.

**Si Mike, Ang Aking Kasangga**

Madalas akong kantiyawan ng aking mga kaklase na may bulsa raw ako sa balat. Sa tuwing uwian kasi ay niyayaya nila akong magmeryenda ngunit palagi kong sinasabi na busog pa ako. Salamat na lamang at palagi akong dinadamayan ng aking kabungguang balikat na si Mike. Pareho kaming hindi mahilig makisiksik sa di-mahulugang karayom na tindahan ni Aling Pacing.

Si Mike ay kasa-kasama ko na, mula pa nang nasa unang grado pa lamang kami. Talagang sanggang-dikit kami. Kapag may pagkain ako o siya man ay talagang hating kapatid kami. Napakabuting kaibigan niya dahil bukas-palad siya sa mga taong katulad naming isang kahig isang tuka.

**Pagsasanay 3**

C. Hanapin sa **word puzzle** ang kahulugan ng sumusunod na mga sawikain. Ang sagot ay maaring nakasulat nang pahalang, pababa, o pahilis. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

1. pagsusunog ng kilay
2. di-maliparang uwak
3. nagdilang-anghel
4. hinahabol ng karayon
5. pasang-krus

| | | | | | | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| M | A | G | K | A | T | O | T | O | O | A | N | G | S | I | N | A | B | I |
| A | M | A | B | I | G | A | T | N | A | P | R | O | B | L | E | M | A | N |
| B | I | A | M | N | O | R | S | A | U | G | B | L | T | O | N | Y | O | U |
| S | U | M | L | I | T | B | K | R | D | F | K | M | N | S | W | A | D | T |
| T | A | S | T | A | S | A | N | G | T | A | H | I | B | S | G | I | A | W |
| R | Q | B | D | G | W | V | I | G | A | N | S | A | R | I | W | A | N | A |
| P | A | G | A | A | R | A | L | N | G | M | A | B | U | T | I | U | S | O |
| M | A | G | A | S | W | A | K | S | A | M | A | H | A | N | T | A | Y | I |

## *Isaisip*



Binabati kita sa iyong masigasig na pagsagot sa mga katanungan kaibigan. Sa bahaging ito, ay inaasahan ko pa rin na magagawa mo ang sumunod na pagsasanay.

Kumpletuhin ang sumusunod na pahayag. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

A. Ang Sawikain ay

__________________________________________________________

__________________________________________________________

B. Mahalaga ang sawikain sa isang pahayag dahil

__________________________________________________________

__________________________________________________________

## *Isagawa*




Upang matiyak kung talagang naintindihan mo ang araling tinalakay sa modyul na ito, isagawa ang nasa ibaba.

Magtala ka ng limang sawikain na narinig mo, na ginagamit sa pang-araw-araw na usapan at ibigay ang kahulugan nito. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.



# *Tayahin*




Basahin mong mabuti ang maikling talata sa bawat bilang. Hanapin sa loob ng kahon ang angkop na sawikain upang maging buo ang ideya sa bawat bilang. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

| | |
|---|---|
| kapit-tuko | hilong-talilong |
| nagtataingang-kawali | ulilang lubos |
| pasang-krus | isang kahig, isang tuka |
| kuskos-balungos | suntok sa buwan |
| kapit-bisig | mataas ang lipad |
| bantay-salakay | |

1. Nalalapit na ang pista. May mga patimpalak ang barangay. ________________ ang kailangan ng magkakapit-bahay upang maging maayos at malinis ang kanilang kalye.

2. Madaling-araw pa lamang ay gumagayak na si Mang Pido upang magsaka ng kaniyang lupain. Kailangan niyang madoble ang kanilang ani. Ninanais niyang maiahon ang kanilang buhay na _____________.

3. _________________ ang kaniyang pangarap na makarating sa Amerika, naniniwala si Sonya na habang may buhay ay may pag-asa.

4. Umalis sa nayon ng Maasin si Pinyong. Makikipagsapalaran siya sa Maynila. Hindi niya alam na isang ______________ ang naghihintay sa kaniyang buhay.

5. Matagal nang nanungkulan sa barangay si Kapitan Uy. Inabot siya ng 15 taon sa posisyong iyon. Lahat ay kaniyang gagawin upang hindi mapalitan sa kaniyang posisyon. Ayaw niyang siya ay mapalitan. Ganoon na lamang ang pagiging ________________ sa posisyon ni Kapitan Uy.

6. Si Mang Manuel ay kasapi sa Kapisanan ng mga magkakapitbahay sa kanilang nayon. Sa tuwing may pagpupulong, lagi siyang may reklamo. Napagsabihan tuloy siya ng mga kasapi ng kapisanan na wala ng _____________ at umayon na lamang sa napagkasunduan ng nakararami.


7. Naligaw sina Ana at Ben sa Maynila. Palibhasa'y unang punta lamang nila sa Maynila, hindi nila alam ang pasikot-sikot sa lungsod. Lahat na yata ng paraan ay ginawa na nila. Para na silang _____________ sa kahahanap ng lugar ng kamag-anak.

8. Sa araw-araw na lamang ay pinapangaralan ni Aling Anching ang kaniyang anak na si Eric. Masyado kasi itong mapambuska. Lagi na lang siyang napapaaway sa kaniyang mga kalaro. Walang silbi ang mga pangaral ni Aling Anching dahil may _______________ si Eric.

9. Nag-aalala si Aling Ana dahil sa palagay niya'y ____________ ang kaniyang anak sa mga pangaral niya. Ngunit laking tuwa niya nang malamang puring-puri pala ng kaniyang mga guro si Jose.


10. Malapit sa puso ng mga taga nayon si Aling Ofel dahil sa kaniyang pagtulong kay Pedro na ______________ dahil sa pagkawala ng kaniyang mga magulang.

## *Karagdagang Gawain*



Magaling ang ginawa mo kaibigan. Natapos mong sagutan ang mga gawain na naririto. Ito na ang huling pagsubok na gagawin para sa araling ito.

Magbasa ka ng mga pahayag na napapalooban ng mga sawikain. Kopyahin mo sa iyong sagutang papel ang mga pahayag at salungguhitan ang mga sawikain.



Napakahusay mo kaibigan! Natapos at napagtagumpayan mo ang aralin. Sana'y naiwan sa iyong isipan ang lahat ng mga napag-aralan natin patungkol sa mga sawikain. Nawa'y magamit mo ito sa pakikipagtalastasan mo sa ibang tao upang mabuhay ang ating wika. Bagaman tapos na tayo sa araling ito, ihandang muli ang iyong sarili sa panibago na namang aralin – **Modyul 6 (Pagsusunod-sunod ng mga Pangyayari sa Kuwento).**

## *Susi sa Pagwawasto*

**Subukin**

1. ilaw ng tahanan
2. balat sibuyas
3. mababaw ang luha
4. bukas-palad
5. bukal sa loob
6. mahapdi ang bituka
7. daga sa dibdib
8. gintuang puso
9. itinaga sa bato
10. isang kisapmata

**Balikan**

1. butas ang bulsa
2. bukas na aklat
3. di-mahulugang karayom
4. makapal ang mga palad
5. mahina ang loob

**Tuklasin**

1. Si Dagambu ay pinuno ng mga dagang bukid
2. Naging pinuno siya ng mga dagang bukid dahil siya ang humalilisa kaniyang ama nang mamatay ito.
3. Nag-away ang dalawang pangkat dahil ayaw pumayag ng mga dagang lungsod na tirahan ng mga dagang bukid ang mga malalaking imburnal na nakabaon sa mga kalsada ng lungsod.
4. Sinisira ng mga dagang bukid ang mga taniman. Hindi ito tama dahil mauubos ang mga pananim na pagkain ng mga tao at magkaroon ng taggutom.
5. Kung ako si Metromaws, hindi ko po gagawin dahil ayaw kong maging maramot at sakim. Hahayaan ko po ang iba na mabuhay rin.

**Pagyamanin**

**Pagsasanay 1**

1. alog na ang baba
2. balat sibuyas
3. magkabunguang balikat
4. anak pawis
5. sirang plaka

## Isagawa

Iwawasto ng guro ang posibleng sagot ng mag-aaral.

## Tayahin

1. kapit-bisig
2. isang kahig, isang tuka
3. mataas ang lipad
4. suntok sa buwan
5. kapit-tuko
6. kuskos-balungos
7. hilong-talilong
8. nagtataingang-kawali
9. pasang-krus
10. ulilang-lubos

## Isaisip

1. Ang sawikain ay mga matatalinghagang salita na ginagamit sa pang-araw-araw na buhay. Malalaman ang kahulugan nito ayon sa gamit sa pangungusap. Tinatawag din itong idyoma.

2. Mahalaga ang sawikain sa isang pahayag dajil masasalamin ditto ang kultura ng isang lugar. Nagpapaganda ito sa pagpapahayag.

## Pagyamanin

**Pagsasanay 2**

1. May bulsa sa balat -kuripot
2. kabungguang balikat – kaibigan
3. di-mahulugang karayom – maraming tao
4. sanggang-dikit – matalik na kaibigan
5. hating-kapatid – kahati
6. bukas-palad – matulungin
7. isang kahig, isang tuka - mahirap

## Pagyamanin

**Pagsasanay 3**

| | | | | | | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| M | A | G | K | A | T | O | T | O | O | A | N | G | S | I | N | A | B | I |
| A | M | A | B | I | G | A | T | N | A | P | R | O | B | L | E | M | A | N |
| B | I | A | M | N | O | R | S | A | U | G | B | L | T | O | N | Y | O | U |
| S | U | M | L | I | T | B | K | R | D | F | K | M | N | S | W | A | D | T |
| T | A | S | T | A | S | A | N | G | T | A | H | I | B | S | G | I | A | W |
| R | Q | B | D | G | W | V | I | G | A | N | S | A | R | I | W | A | N | A |
| P | A | G | A | A | R | A | L | N | G | M | A | B | U | T | I | U | S | O |
| M | A | G | A | S | W | A | K | S | A | M | A | H | A | N | T | A | Y | I |